

Dayalektal na Diversidad ng Wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula

JULIETA CRUZ-CEBRERO

*J.H. Cerilles State College, Mati, San Miguel, Zamboanga del Sur
cebrerojuljeta@yahoo.com*

Date Received: July 15, 2014; Date Published: September 04, 2014

Abstrak - Sumasailalim ang wika ng pagbabago kung kaya't nagiging diversipikado ito. Ang pagkakaibang ito ay nagreresulta sa pagkakaroon ng mga varayti ng isang partikular na wika. Nabubuo ang dayalektal na diversidad na ito kung nahihwalay ang isang pangkat sa mga kapangkat sa heyograpikal na kadahilanan. Nagkakaroon ng varyasyon maging sa mga katawagang kultural dahil hindi ganap na naisasakatuparan o naisasakultura ang mga gawaing kultural ng napahiwalay na maliit na pangkat. Isang magandang halimbawa rito ang pangkat ng mga Subanen na matatagpuan sa Zamboanga Peninsula sa Mindanao.

Isinagawa ang pag-aaral upang malaman ang linggwistikong pagkakaiba ng mga dayalektong Subanen na ginagamit sa Lalawigan ng Zamboanga del Sur at Lalawigan ng Zamboanga del Norte. Pamaraang indehinus nina Santiago at Enriquez ang ginamit sa pangongolekta ng mga datos. Mga katawagang kultural sa siklo ng buhay, pangkabuhayan at pananampalataya ang kinolekta bilang lunsaran. Gamit ang kwalitatibo at kwantitatibong disenyo at pamaraang diskriptibo sa pagsusuri at pagtalakay ng mga datos. Rehiyon ng Tangway ng Zamboanga o rehiyon IX ang lugar ng pananaliksik. Pinili ang bayan ng Lapuyan sa Zamboanga del Sur dahil ito ang sentro ng Timog Subanen, at Sindangan naman sa Zamboanga del Norte para sa Gitnang Subanen.

Sa pagsusuri sa mga katangiang istruktural ng wikang Subanen na isang indehinus na wikang ginagamit sa Lapuyan, Zamboanga del Sur at Sindangan, Zamboanga del Norte, natukoy ang varyasyong linggwistikal nito maging ang pagkakatulad ngunit higit ang pagkakaiba partikular sa ponolohiya.

Keywords – Dayalektal, Wikang Subanen

I. INTRODUKSYON

Bawat pangkat ng tao ay may kani-kaniyang wikang ginagamit na nagpapakilala ng kanilang

pagkanatatangi sa bawat pangkat. Bunga ito ng katotohanang ang mga ispiker ng bawat pangkat ng mga tagapagsalita ay nakararanas ng mga pangyayari sa lipunang ginagawalawan na tangi lamang sa kanilang kultura na ibang-iba sa pagkakaunawa at sa mga karanasan ng ibang pangkat. Ang ganitong pangyayari ay nagpapaliwanag ng pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng wika na kailangang unawain.

Nagkakaroon ng varyasyon maging sa mga katawagang kultural dahil hindi ganap na naisasakatuparan o naisasakultura ang mga gawaing kultural ng napahiwalay na maliit na pangkat. Tumutugon ito sa Teorya Akomodasyon (Accommodation Theory) ni Howard Guiles (Santos et al 2012) na tumutukoy sa pagbabago ng paraan ng pagsasalita ng isang tao upang maging katulad o di-katulad sa paraan ang pagsasalita ng kausap, na nasa uring convergence o pakikihalubilo. Taliwas naman sa uring divergence kung saan nananatiling matatag ang kultura ng isang malaking pangkat kung kayat higit nitong naiimpluwensyahan ang kultura partikular ang wika ng maliit na pangkat sa komunidad. Isang magandang halimbawa rito ang pangkat ng mga Subanen na matatagpuan sa Zamboanga Peninsula sa Mindanao.

Ang wikang Subanen sa Rehiyon 9 na tinatawag na Rehiyon ng Zamboanga Peninsula ay binubuo ng iba't ibang dayalekto o wikain. Ang mga ito'y subordineyt ng isang katulad na wika na ginagamit ng mga minoryang etnikong pangkat ng mga Subanen mula sa Zamboanga del Sur at Zamboanga del Norte.

Lingua franca ang Subanen sa Lapuyan, Zamboanga del Sur dahil mayorya ng mga naninirahan dito ay mga Subanen. Samantala, Cebuano naman ang lingua franca sa Sindangan, Zamboanga del Norte dahil mayoryang pangkat ang mga Cebuano sa lugar na ito at minoryang pangkat lamang ang mga Subanen.

Karaniwang naririnig mula sa mga Subanen sa dalawang lugar na ito na *distinct* ang wikang Subanen sa Zamboanga del Sur sa wikang Subanen sa

Zamboanga del Norte. Upang mapatunayan ito, isinagawa ang isang pag-aaral sa wikang Subanen na ginagamit sa Lapuyan, Zamboanga del Sur at sa Sindangan, Zamboanga del Norte. Katawagang kultural sa siklo ng buhay (pag-aasawa, panganganak, kamatayan), pangkabuhayan, at pananampalataya ng mga Subanen sa dalawang lugar ang ginawang *springboard* upang makikita ang pagkakaiba-iba o varyasyon ng wikang Subanen batay sa aspektong linggwistikal – leksikal at ponolohikal.

Labinlimang (15) lugar sa Lapuyan, Zamboanga del Sur ang pinagkunan ng mga datos mula sa labinlimang (15) impormante. Dalawampu't anim (26) namang lugar ang pinagkunan ng mga datos at dalawampu't anim (26) ng mga impormante ang kinuha mula sa lugar ng Sindangan, Zamboanga del Norte. Pamaraang indehinus nina Enriquez at Santiago ang ginamit para rito. Tatlong uri ng talatanungan na ginawan ng modipikasyon ang ginamit – Edmond Edmonds Application of Guillerons Questionnaire , Jabergs at Judd Innovation, at Dieth-Orthon.

Koleksyon ng mga katawagang kultural ng mga Subanen sa Lapuyan, Zamboanga del Sur at Sindangan,

Zamboanga del Norte ang ginamit na lunsaran sa pagtukoy sa varayti at varyasyon ng wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula.

Makikita sa talahanayan na may kabuuang bilang na 1,224 ang nakolektang mga katawagang kultural.

Talahanayan 1. Kabuuang Bilang ng mga Katawagang Kultural ng mga Subanen mula sa Lapuyan, Zamboanga del Sur at Sindangan, Zamboanga del Norte

Mga Katawagan	Bilang	Porsyento
Siklo ng Buhay	475	38.74%
Pangkabuhayan	597	48.70%
Pananampalataya	154	12.56%
Kabuuang Bilang	1,226	100%

Nangunguna sa dami ng bilang ang katawagang pangkabuhayan na may bilang na 597 o 48.70%, pumangalawa ang siklo ng buhay na may bilang na 475 o 38.74%, at lubhang mababa ang nakuhang bilang ng mga katawagang pananampalataya na mayroon lamang 154 na bilang o 12.56%.

Halimbawa ng mga katawagan sa bawat grupo:

	<u>Subanen-Lapuyan</u>	<u>Subanen-Sindangan</u>	<u>Filipino</u>
Siklo ng Buhay			
	belayan	luwatan	dote/bigay-kaya
	khibethanan	talibetanan	matres
	linoreg	mendegel	ginahasa
	phenugangan	penugangan	biyenan
	thon	gidad	gulang
Pangkabuhayan			
	dlepa	lekakas	balat ng mais
	dlumala	ghiham melala dandam	paghahabi ng banig
	ghanget	gengat	ugat ng kahoy
	hegalin khelabaw	megtigway kelabaw	pagpastol ng kalabaw
	phedlu- hupras	meglekupras	pagkokopra
Pananampalataya			
	memithuwa	mekpelaktag	pangangaral
	kithab	bibliya	bibliya
	pethud	kepetuud	paniniwala
	phepayan	pektigel	pagtitiis
	saithan	pelin	demonyo/satanas

II. Pagsusuring Linggwistikal

Sa pagsusuring linggwistikal, pinaghiwalay ang mga salita sa mga katawagang kultural na binubuo ng higit sa isang salitang pangnilalaman. Sa paghihiwa-

hiwalay ng mga salitang ito, nakalikom ng 1,176 ng mga salita na siyang ginamit sa pagsusuring leksikal at ponolohikal.

Varyasyong Leksikal. Tinutukoy ng varyasyong leksikal ang mga salitang magkakaiba ang anyo ngunit mayroon lamang magkatulad na kahulugan. Sa imbentaryo ng mga bokabularyo na may bilang na 1,176 mula sa mga katawagang kultural, ang mga salitang magkaibang-magkaiba sa anyo ay binubuo ng 559 o 48.77%; 538 o 45.72% ang may pagkakaiba lamang sa isa o dalawang letra; at 66 o 5.62% ang magkatulad na magkatulad sa anyo. Tingnan ang Talahayan 2.

Talahayan 2. Bilang ng Nakolektang Leksikon ng Wikang Subanen sa Lapuyan, ZdS at Sindangan, ZdN

Leksikon ng Wikang Subanen		
Subanen-Lapuyan, ZdS at Subanen-Sindangan, ZdN	Bilang	%
Magkaibang-magkaiba sa Anyo	559	48.77
Magkaiba sa Isa o Dalawang Letra	538	45.72
Magkatulad na Magkatulad sa Anyo	66	5.61
Kabuuang Bilang	1,176	100

Mga halimbawa:

<u>Subanen-Lapuyan</u>	<u>Subanen-Sindangan</u>	<u>Filipino</u>
Magkaibang-magkaiba sa Anyo		
phenileb	pektai	pananahi
suphak	sebel	limampung piso
thiring	libat	duling
Magkaiba sa Isa o Dalawang Letra		
<u>Subanen-Lapuyan</u>	<u>Subanen-Sindangan</u>	<u>Filipino</u>
abokado	gabukado	abokado
dlangit	langit	langit
balian	belian	baylan
Magkatulad na Magkatulad sa Anyo		
<u>Subanen-Lapuyan</u>	<u>Subanen-Sindangan</u>	<u>Filipino</u>
delaga	delaga	dalaga
gangas	gangas	noo
ngisi	ngisi	ngipin

Tulad ng nabaggit na sa unahan, tanging 66 na bokabularyong Subanen ang magkatulad na magkatulad sa anyo mula sa mga nakolektang datos. Ang mga halimbawang ibinigay sa itaas ay ilan lamang sa mga ito.

Varyasyong Ponolohikal. Pagkakaiba-iba sa mga tunog o ponema ng isang wika ang tinutukoy ng varyasyong ponolohikal. Upang matukoy ito sa wikang

Subanen, hinati ang varyasyong ponolohikal sa paraan ng pagbigkas, dipotonggo, at kambal-katinig o klaster.

Ayon kina O'Grady at Dubrovolsky (1983:197), higit na kapansin-pansin ang varyasyong ponolohikal sa isang wika. Gamit ang mga leksikong nakalap na binubuo ng 1,176 na bilang, sinuri ang mga segment ng bawat leksikon at nakitang may labinsiyang (19) o 1.68% lamang na leksikon ang magkatulad na magkatulad ang paraan ng pagbigkas sa dalawang dayalekto.

Paraan ng Pagbigkas

Mga halimbawa:

<u>Subanen-Lapuyan</u>	<u>Subanen-Sindangan</u>	<u>Filipino</u>
ngisi <i>/ŋl.slh/</i>	ngisi <i>/ŋl.slh/</i>	ngipin
phased <i>/pha.sad/</i>	pasad <i>/pasad/</i>	pangako

Diptonggo

Ang diptonggo ay ang magkasamang tunog ng isang patinig at ng isang malapatinig. Ngunit sa Subanen-Sindangan ay may baybay itong kakaiba sa Subanen-Lapuyan.

Fil. – nagmamahalanSub-Lap – medlehilelamaySub-Sin – mikpinitailay**Fil. – pamahalaan**

Sub-Lap – pedleguhuman

Sub-Sin – paglakaunutan

Magkagayun pa man, masasabi pa ring pareho lamang ang mga diptonggo sa mga dayalektong Subanen tulad ng /ay/, /uy/ at /aw/. Ngunit bunga ng impluwensya ng ibang wika, pumasok sa wikang Subanen ang diptonggong /oy/. Ngunit karaniwang ang salitang may mga letrang o at y na magkasunod o oy ay binibigkas ng /uy/ particular sa Subanen-Lapuyan.

/ay/

Fil. – ataySub-Lap – gathay /ga.oay/Sub-Sin – gatay /gatay/

/aw/

Fil. – taoSub-Lap – getaw /gaw/Sub-Sin – getaw /gaw/

/uy/

Fil. – baboySub-Lap – gbaboy /gba.buy/Sub-Sin – babuy /babuy/**Kambal-katinig o Klaster**

Ang kambal-katinig o klaster ay ang magkasunod na ponemang katinig sa isang pantig. Maaari itong matagpuan sa unahan, gitna o hulihan ng salita.

Sa mga nakolektang salita na nagtataglay ng mga kambal-katinig o klaster, labindalawa ang natukoy sa Subanen-Lapuyan (/dl/, /dw/, /gb/, /gl/, /gm/, /gw/, /ky/, /my/, /ny/, /sy/, /tw/ at /ty/, at tatlo naman sa Subanen-Sindangan (/bl/, /gl/ at /gw/). Ang kambal-katinig o klaster na /bl/ lamang ang hindi natagpuan sa Subanen-Lapuyan.

Halimbawa

/dw/

Fil. – dalawaSub-Lap – dwa

Sub-Sin – dua

/ny/

Fil. – kaluluwaSub-Lap – nyawa

Sub-Sin – keletu

/dy/

Fil. – panahonSub-Lap – dyangha

Sub-Sin – timpu

/sy/

Fil. – ikasiyamSub-Lap – hesyamSub-Sin – kesiyam

Pareho mang wikang Subanen ang ginagamit sa Lapuyan, Zamboanga del Sur at Sindangan, Zamboanga del Norte kinakitaan ng linggwistikong pagkakaiba-iba o varyasyon ang wikang ginagamit sa dalawang lugar. Malaki ang varyasyong leksikal sa dalawang dayalekto ng wikang Subanen. Mayroon lamang animnapu't anim na bilang o 5.61% ang magkatulad sa anyo ang dalawang dayalekto at 537 o 45.22% ang nagkakaiba sa isa o higit pang letra mula sa kabuuang bilang na 1.176. Samantala, lubhang malaki ang pagkakaiba sa ponolohiya ng Subanen-Lapuyan sa Subanen-Sindangan. Mayroon lamang labinsiyam (19) na bilang o 1.68% ang magkatulad sa paraan ng pagbigkas ang mga dayalektong ito.

Konklusyon

Ang mga varyasyon sa mga varayti ng wikang Subanen ay maaaring sa mga sumusunod na kadahilanan: (1) linggwistikong faktor kung saan hindi maiiwasan ang panghihiram lalo na ng Subanen-Sindangan sa wikang Cebuano, at ng Subanen-Lapuyan sa paraan ng pagbigkas ng mga nakasalamuhang mga misyonerong Amerikano noon. Patibay dito ang pagtawag sa Lapuyan bilang “Little America”; (2) sosyolinggwistikong faktor kung saan naapektuhan ang wika dahil sa pakikihalubilo lalo na ang mga taga-Sindangan dahil minorityang grupo sila sa lugar at majorityang grupo ang mga Cebuano; at (c) sikolohikong faktor dahil sa pamamalagay na mas prestihiyoso ang nagmamay-ari ng wika, tulad ng mga Cebuano at mga Amerikano, kaysa sa kanilang grupo.

Bagamat maituturing pa ring mutually intelligible ang Subanen-Lapuyan at Subanen-Sindangan maaaring dumating ang panahon na ang mga dayalektong ito ay magiging mutually unintelligible kung hindi isasakultura ang kanilang mga gawaing kultural.

REFERENCES/BIBLIYOGRAPI

- Apostol, Carlo S. Al Haj. “The Subanen Original Inhabitants of Western Mindanao.” Subanen Tribe Website. 2006. Naakses noong Oktubre 11, 2011. <http://www.subanen.org/>.
- Apostol, Mikes S. “Timays, Subanon King of Zambo City.” Zambotimes. 2007. Naakses noong Oktubre 11, 2011. www.zambotimes.com.
- Bautista, Ma.Lourdes S. Readings in Philippine Sociolinguistics 2nd Edition. Manila: De La Salle University Press, 1996
- Brichoux, Felcia, et al. A Voice of Many Rivers Central Subanen Oral and Written Literature. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 2002.

- Chambers, J. K. and Peter Trudgill. *Dialectology*. Cambridge: Cambridge University Press, 1994.
- Fishman, Joshua. *Language and Ethnicity in Minority Sociolinguistics Perspective*. England: Multilingual Matters Ltd., 1989.
- Frompkin, Victorina and Robert Rodman. *An Introduction to Language* 3rd edition. New York: CBS College Publishing, 1983.
- _____. 2003. *An Introduction to Language* 7th Edition, THOMSON HEINLE
- Matute, Genoveva E., et al. *Filipino sa Bagong Panahon Binagong Edisyon*, Metro Manila: National Book Store Inc., 1991.
- Montgomery, Martin. *An Introduction to Language and Society* 2nd edition. London: Routledge, 1995.
- O'Grady, William at William Dobrovolsky, mga ed. *Contemporary Linguistics Analysis An Introduction*, Toronto: Copp Clark Pitmann Ltd. A Longman Company, 1983
- Quia, Maganda D. et al, *Shulù Pegenaran 1-26 Subanen Lapuyan Dlibru 1. Literary Evangelism International*, 1980.
- _____. *Shulù Pegenaran 27-60 Subanen Lapuyan, Dlibru II, Literary Evangelism International*, 1980.
- Santos, Angelina L. *Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Wikang Filipino at Iba pang mga Wika at Wikain*. Iligan City: Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, MSU-IIT, 2010.
- Tiyagi, Darshna. *Linguistic Anthropology Annual Publications*. New York: *PUY Ltd.*, 2006.
- Tiemeyer, Bertain, O.F.M. *Suk Tandan Nangok Subanen – Ang Mitolohiya, Mga Pagtoo ug mga Ritwal ng Seremonyas sa mga Subanen*. Quezon City: Kadena Press, 2001.
- Tundag, Fidela K. (2010). *Mga Kultural na Katawagang Higa-unon: Isang Panimulang Pagtutumbas sa Cebuano at Filipino, M.A Thesis*. Iligan City: MSU-IIT.
- Velayo, Paco. “Subanon.” *Tripod*. Naakses noong Disyembre 2, 2011. <http://litera1no4.tripod.com/>.
- Wood, Julia T. *Communication Theories In Action an Introduction*. USA: Woodsworth Publishing Company, 1995.